# FILIPINO

## Grade 7

### Three-Term Budget Of Work (BOW) for Learning Competencies

# FILIPINO
# Baitang 7

## Three-Term Budget of Work
## For Learning Competencies

| Unang Termino | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tula at Tuluyan) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at burador ng *comic book brochure* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **Subdomain** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan** ng tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo.<br><br>**Nasusuri ang mga detalye ng teksto para sa kritikal na pag-unawa.**<br>• **Mga Tula sa Panahon ng Katutubo:**<br>○ Tula at Karunungang bayan (katulad ng bugtong, tanaga, sawikain, salawikain at kasabihan)<br>○ Awiting-bayan (katulad ng dalit, oyayi, kundiman, diona, dung-aw, soliranin, talindaw at iba pa) |

| | |
|---|---|
| | ○ Epikong bayan (katulad ng Alim, Bantugan, Biag ni Lam-ang, Ibalon, Kudaman, Labaw Donggon at iba pa)<br><br>• **Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo:**<br>○ Kuwentong-bayan (katulad ng alamat, pabula at kuwentong posong)<br>○ Dula (katulad ng katutubong sayaw at rituwal ng babaylan)<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula.<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang- diwa/ imahen sa tula.<br>(c) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma, tono at talinghaga) ng tula.<br>(d) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa tuluyan.<br>(e) Naipaliliwanag ang banghay (katulad ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang tuluyan.<br>(f) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula at/o tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.<br>(g) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa tula at/o tuluyan batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.<br>(h) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng tuluyan.<br>(i) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa tula at/o tuluyan batay sa konteksto ng panahon. |
| | **Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
pang-akademiko.
<ul>
<li>Mga kasanayang pang-akademiko (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagbuo ng talata at pagpapahayag ng mga ideya)</li>
<li>Mga tekstong ekspositori (katulad ng memoirs, journals, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na brochure, menu, resipe, listahan ng mga pamimili, at deskripsyon ng nilalaman ng produkto at transkripsyon ng talumpati)<br>
(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto.<br>
(b) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon.<br>
(c) Naibabalangkas ang mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto.<br>
(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa.</li>
</ul>
Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito:
<ul>
<li>deskripsyon</li>
<li>pagkakaiba at pagkakatulad</li>
<li>sanhi at bunga</li>
<li>suliranin at solusyon</li>
<li>pagkakasunod-sunod at proseso</li>
</ul>
</td>
</tr>
<tr>
<td>Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal</td>
<td>
Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento:
<ul>
<li>mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)</li>
</ul>
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | • estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br><br>○ **Mga elemento ng tekstong biswal na comic book** (katulad ng istrip, ilustrasyon ng tauhan, dayalog, *caption*, *sound effects*, pabalat o *cover*, panel, *gutter*, tema at disenyo):<br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (katulad ng *comic book brochure*):**<br>(a) Natutukoy ang tiyak na tauhang itatampok sa sanaysay<br>(b) Naitatala ang mga tiyak na dayalog at *caption* sa istrip na makapaglalarawan sa tauhan<br>(c) Naiguguhit ang imahen/ larawan ng tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog (ilustrasyon ng tauhan, tema, panel, *gutter*) na kinasangkutan nito<br>(d) Nakabubuo ng burador ng disenyo at pabalat ng *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal<br>(e) Natutukoy ang tiyak na tipo ng *brochure* na paglalapatan ng sanaysay<br>(f) Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, *caption* (istrip at dayalog) na makapaglalarawan sa tauhan<br><br>**Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at burador ng *comic book* brochure sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (story telling), at etikal na kasanayan at pananagutan.** |

** Pangkatin (i-cluster) ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa iba't ibang subdomeyn sa pagdidisenyo ng lingguhang aralin, batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.*

| Ikalawang Termino | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya, tekstong impormasyonal (ekspositori) at balita para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at pinal na *comic book brochure* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan |
| **Subdomain** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
| **Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong nasusulat** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan** ng tekstong pampanitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya.<br><br>**Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.**<br>● Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Espanya:<br>○ Mga akdang panrelihiyon (gaya ng pasyon, dasal at iba pa )<br>○ Akdang pangkagandahang-asal<br>○ Dula (gaya ng senakulo, tibag, Flores de Mayo, Santacruzan at iba pa)<br>○ Awit at korido<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa mga akda.<br>(b) Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda.<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng akda batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao. |

| | |
|---|---|
| | (d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika at gamit ng wika sa akda.<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon. |
| | **Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademiko:**<br>● **Mga kasanayang pang-akademiko** (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata)<br>● **Mga tekstong pampahayagan** (balita)<br>(a) Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto.<br>(b) Naiisa-isa ang mga platform at katangian ng mga tekstong pampahayagan.<br>(c) Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (katulad ng narinig at direktang sinabi mula sa interbyu, direktang sipi mula sa nabasa, paraphrasing sa mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto).<br>(d) Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa.<br>(e) Natutukoy ang paraan ng pagtutumbas at/o panghihiram ng salita sa teksto.<br><br>**Nasusuri ang tekstong pampahayagan (balita) batay sa estruktura at katangian nito:**<br>● pabaligtad na piramide – sumagot sa tanong na Sino, Ano, Kailan, Saan, at Paano<br>● paraan ng pagsulat |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento:**<br>● mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen) |

| | |
|---|---|
| | • estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br>○ **Mga elemento ng tekstong biswal na comic book** (katulad ng disenyo: tipo, sukat, tupi (fold), at kulay):<br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori) |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (katulad ng *comic book brochure*):**<br>(a) Natutukoy ang tiyak na tauhang itatampok sa sanaysay<br>(b) Naitatala ang mga tiyak na dayalog at *caption* sa istrip na makapaglalarawan sa tauhan<br>(c) Naiguguhit ang imahen/ larawan ng tauhan batay sa mga pangyayari at dayalog (ilustrasyon ng tauhan, tema, panel, *gutter*) na kinasangkutan nito<br>(d) Nakabubuo ng burador ng disenyo at pabalat ng *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal<br>(e) Natutukoy ang tiyak na tipo ng *brochure* na paglalapatan ng sanaysay<br>(f) Naibabalangkas ang mga tiyak na dayalog, *caption* (istrip at dayalog) na makapaglalarawan sa tauhan<br>(g) Nakapagsasagawa ng pagdisenyo/ pag-aanyo ng *comic book brochure* (tipo, sulat, tupi, at kulay)<br>(h) Nakabubuo ng burador para sa *comic book brochure* gamit ang mga elementong biswal<br>(i) Natutukoy ang mga elemento ng *comic book brochure* na paglalapatan ng sanaysay<br>(j) Nakapagsasagawa ng pinal na pagdisenyo/ pag-aanyo ng *comic book brochure* batay sa elemento nito<br><br>**Naibabahagi ang nilikhang tekstong multimodal ng pinal na *comic book brochure* tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa** |

| | |
|---|---|
| | **binasang akda sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (*storytelling*), at etikal na kasanayan at pananagutan.** |

** Pangkatin (i-cluster) ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa iba't ibang subdomeyn sa pagdidisenyo ng lingguhang aralin, batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.*

<table>
<tr><th colspan="2">Ikatlong Termino</th></tr>
<tr><td>Pamantayang Pangnilalaman</td><td>Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.</td></tr>
<tr><td>Pamantayan sa Pagganap</td><td>Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan.</td></tr>
<tr><td>Subdomain</td><td>Kasanayang Pampagkatuto</td></tr>
<tr><td>Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat</td><td>Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Ibong Adarna.<br>Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.<br>● Obra – Ibong Adarna:<br>○ Saknong 1-6<br>○ Saknong 7-442<br>○ Saknong 443-1006<br>○ Saknong 1007-1717<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa Ibong Adarna.<br>(b) Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (in medias res), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Ibong Adarna.<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika sa Ibong Adarna (sukat, tugma, talinghaga, at estilo).<br>(f) Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Ibong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa. |
| **Pag-unawa at Pagsusuri ng mga Tekstong Biswal** | **Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Ibong Adarna:**<br>● mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen)<br>● estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD)<br>(a) Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Ibong Adarna.<br>(b) Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Ibong Adarna. |
| **Paglikha at Presentasyon ng Tekstong Multimodal** | **Nakabubuo ng iskrip para sa pagtatanghal ng isang puppet shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino:**<br>(a) Nakapipili ng mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino<br>(b) Nakasusulat ng iskrip para sa *shadow play*<br>(c) Nakasusulat ng plano ng pagtatanghal<br>(d) Natutukoy ang mga elementong gagamitin sa pagbuo ng mga *puppet*<br>(e) Nakapagsasagawa ng *shadow play* batay sa elemento ng tekstong biswal<br>**Naibabahagi ang nilikhang tekstong multimodal sa napiling *platform* na isinasaalang-alang ang mga kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan.** |

** Pangkatin (i-cluster) ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa iba't ibang subdomeyn sa pagdidisenyo ng lingguhang aralin, batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.*